Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 9 NG AGOSTO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison .................................... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon .................................... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas .................................... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan ..................... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco .................................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Heidi S. Ciriaco .................................... | Pang. Punong Bayan<br>Nasa lakad opisyal |

*KAPASIYAHAN BLG. 284-T'2000*

*KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. FRANKLIN DRILON, SENADOR NG BANSA NA TUTULAN ANG PAGSASA-PRIBADO NG NATIONAL POWER CORPORATION (NPC).*

*SAPAGKA'T,* ang panukalang isapribado ang National Power Corporation (NPC) ay magdudulot ng malaking kabigatan sa mga mamumuwisan na makabayad ng kanilang pananagutang pinansiyal o pagkakautang sa mga institusyong pampananalapi sa loob maging sa labas ng bansa;

*SAPAGKA'T*, may masamang epektong maidudulot ito sa pamahalaan sapagkat ang pagmamay-ari ay mapapapunta sa isang mananalong kontratista nang walang anumang hirap gayong ang pananagutan sa pagbabayad ng serbisyo ay nakaatang sa mga mamumuwisan;

*SAPAGKA'T*, kung maisasabatas ito, mahihirapan ang pamahalaan na iregula ang inaasahan at walang kadahilanang pagtaas ng kuryente;

SAPAGKA'T, ang pagsasa-pribado ng NPC ay naisagawa nang mabilisan at pangitang lumalabag ito sa pamamaraan o proseso ng pangmadlang pagsusubasta;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na hilingin sa Kgg. Franklin Drilon, Senador ng Bansa, na tutulan ang pagsasa-pribado ng National Power Corporation (NPC).

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Franklin Drilon, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALPONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagpangulo

PINAGTITIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan